

Prelude to Empire

From the establishment of the Thirteen Colonies, territorial expansion was key to the formation of the United States. The gains made during the Mexican-American War (1846–48) extended the country's boundaries from coast to coast. As the United States grew, the establishment of new territories and states displaced Native American nations and Native lands through treaties—but also through coercive means, purchase, and war.

The Indian Wars of the 1870s became training grounds for U.S. military personnel involved in the War of 1898 and the Philippine-American War. Twenty-six of the thirty generals who served in the Philippines between 1898 and 1902 had some military experience in the West during the campaigns against Native Americans. U.S. governance in the Philippines, Cuba, and Puerto Rico was modeled on policies designed to restrict or strip away Native American rights.

Powerful politicians believed that seizing territories overseas would transform the country into a world leader. In 1898, after decades of Anglo-American presence in Hawai'i, and as Cuba waged its last War of Independence, naval policy makers and legislators pushed for U.S. expansion into the Caribbean and the Pacific.

Pambungad sa Imperyo

Mula sa pagkakatataas ng Labintatlong Kolonya, naging susi sa pagkabuo ng Estados Unidos ang pagpapalawak nito ng territoryo. Ang mga natamo noong Digmaang Mehikano-Amerikano (1846–48) ang nagpalawig sa hangganan ng bansa mula silangan hanggang kanlurang baybayin. Habang lumalaki ang Estados Unidos, ang pagtatataas ng mga bagong territoryo at estado ay nagtaboy sa mga Katutubong Amerikanong bansa at Katutubong lupain gamit ang mga kasunduan—pati na rin ang mga mapamilit na paraan, pagbili, at digmaan.

Naging sanayan ng mga hukbong militar ng Estados Unidos ang mga Digmaang Indian ng dekada 1870 para sa Digmaan ng 1898 at Digmaang Pilipino-Amerikano. Dalawampu't anim sa tatlumpung heneral na nagsilbi sa Pilipinas sa pagitan ng 1898 at 1902 ang may karanasang militar sa Kanluran noong kampanya laban sa mga Katutubong Amerikano. Ang pamamahala ng Estados Unidos sa Pilipinas, Cuba, at Puerto Rico ay hinalaw mula sa mga patakarang dinisenyo upang gipitin o alisin ang karapatan ng mga Katutubong Amerikano.

Naniwala ang mga makapangyarihang politiko na ang pangangamkam ng territoryo sa labas ng bansa ang magtataas sa Estados Unidos bilang pinuno ng mundo. Noong 1898, matapos ang ilang dekada ng presensiya ng Anglo-Amerikano sa Hawai'i, at habang binabaka ng Cuba ang huli nitong Himagsikan para sa Kalayaan, itinulak ng mga tagalikha ng polisiyang pandagat at mambabatas ang pagpapalawak ng Estados Unidos sa Caribbean at sa Pasipiko.

Sea Power

Many U.S. policy makers believed in the theory of sea power, or the ability to access and control the seas for economic and military gain. Yet achieving sea power was easier said than done. Following the Civil War (1861–65), the U.S. Navy languished, and in 1886, it maintained only thirty-eight active ships. Spurred by the financial crisis following the Panic of 1893, however, Congress and the executive branch instituted an aggressive shipbuilding policy, aiming to bolster the economy through overseas trade.

Between 1897 and 1898, the U.S. Navy built eighty-eight warships, bringing the total to an impressive fleet of 160 vessels, ranging from new battleships and fast torpedo boats to antiquated ironclads and wooden cruisers. Before creating this superior naval force, the United States would have had little capacity to wage an overseas war against a major imperial power. However, during the War of 1898, this new naval power ensured its decisive victories against Spain.

Kapangyarihang Pandagat

Maraming tagalikha ng polisiya sa Estados Unidos ang naniwala sa teorya ng kapangyarihang pandagat, o ang kakayahang mapuntahan at makontrol ang mga dagat para sa ekonomiko at militar na pakinabang. Pero mas madaling sabihin kaysa gawin ang pagkamit ng kapangyarihang pandagat. Matapos ang Digmaang Sibil (1861–65), nanamlay ang Hukbong Pandagat ng Estados Unidos, at noong 1886, tatlumpu't walo na lamang ang pinangangalagaan nitong aktibong sasakyang-pandagat. Gayumpaman, sa tulak ng krisis-pinansiyal matapos ang Pagkabahala ng 1893, nagpatupad ang Kongreso at ang ehekutibong sangay ng agresibong polisiya sa pagpapagawa ng mga sasakyang-pandagat, na may layuning pasiglahin ang ekonomiya sa pamamagitan ng pakikipagkalakalan sa ibang bansa.

Sa pagitan ng 1897 at 1898, nakagawa ang Hukbong Pandagat ng Estados Unidos ng walumpu't walong bapor pandigma. Itinaas nito sa kahanga-hangang 160 ang kabuuang bilang ng sasakyang-pandagat sa armada. Iba't iba ang klase nito, mula mga bagong bapor pandigma at mabilis na bangkang torpedo hanggang sa mga armadong bapor na balot sa bakal at kruserong gawa sa kahoy. Bago ang pagkalikha ng superyor na laking pandagat na ito, napakaliit ng kakayahang Estados Unidos na makipagdigmaan sa labas ng bansa laban sa isang pangunahing kapangyarihang imperyal. Gayumpaman, noong Digmaan ng 1898, itong bagong kapangyarihang pandagat ang nagtiyak sa mga hindi matatawarang tagumpay laban sa Espanya.

Cuba

Most countries in Spanish America had waged wars of independence by 1826. In Cuba, however, the powerful classes remained loyal to the Spanish Crown, who vowed to protect them and the sugar economy from a revolution like the one led by enslaved people in Haiti (1791–1804). Things changed in 1868, when the first of the three Cuban wars of independence broke out in reaction to new tariffs imposed by Spain, which had caused Cuba's economy to falter. Social discontent and a burgeoning sense of Cuban national identity coalesced into a formidable force, culminating in the third Cuban War of Independence (1895–98).

By this time, the United States had long served as the main purchaser and refiner of Cuban sugar and had vested interests in Cuba's prosperity. In

1896, people in the United States read in horror as Spain retaliated against the Cuban rebels by "reconcentrating" tens of thousands of *campesinos*, or peasants, into fortified towns that were subsequently ravaged by disease and hunger.

The mysterious explosion and sinking of the USS *Maine* in Havana Harbor on February 15,

1898, was likely caused by erupting furnaces, but

many in the United States blamed Spain. On April 25, war began. Assisted by Cuban rebels, the United States defeated Spain and renamed the conflict "the Spanish-American War."

Cuba

Pagsapit ng 1826, karamihan sa mga bansa sa Amerikang Espanyol ay nakapagsagawa na ng laban para sa kalayaan. Gayumpaman, sa Cuba, ang mga naghaharing uri ay nanatiling tapat sa Korona ng Espanya, na sumumpang poproteksyonan sila at ang ekonomiya ng asukal mula sa rebolusyong tulad ng pinangunahan ng mga inaliping tao sa Haiti (1791–1804). Nagbago ang lahat noong 1868, nang sumiklab ang una sa tatlong himagsikan ng Cuba para sa kalayaan bilang tugon sa mga bagong taripang ipinataw ng Espanya, na nagpatamlay sa ekonomiya ng Cuba. Ang panlipunang ligalig at ang umuusbong na pambansang pagkakakilanlan sa Cuba ay nagsanib at naging malakas na puwersa, na nauwi sa ikatlong Himagsikan ng Cuba para sa Kalayaan (1895–98).

Sa panahong ito, matagal nang pangunahing tagabili at tagarepina ng asukal ng Cuba ang Estados Unidos, at may sariling pusta sa kaunlaran ng Cuba. Noong 1896, nagimbal ang taumbayan ng Estados Unidos sa balitang gumanti ang Espanya sa mga rebeldeng Kubano sa pamamagitan ng "muling pagtitipon" sa libo-libong *campesino*, o pesante, patungo sa mga binakurang bayan na kalaunan ay sinalanta ng sakit at gutom.

May posibilidad na ang misteryosong pagsabog at paglubog ng USS *Maine* sa Havana Harbor

noong Pebrero 15, 1898 ay dulot ng mga pumutok

na hurno, pero marami sa Estados Unidos ang

nagbaling ng sisi sa Espanya. Noong Abril 25,

nagsimula ang digmaan. Sa tulong ng mga

rebeldeng Kubano, tinalo ng Estados Unidos ang

Espanya at muling pinangalanang hidwaan

bilang "Digmaang Espanya-Amerika."

Republic or Empire?

On February 15, 1898, the USS *Maine* exploded and sank in Havana Harbor, claiming the lives of more than 260 sailors. Many U.S. newspapers rushed to blame the tragedy on Spain. The headline of the *World* asked, “*Maine* Explosion Caused by Bomb or Torpedo?” while the *New York Journal* declared, “Destruction of the Warship *Maine* Was the Work of An Enemy.”

“Remember the *Maine!*” became a rallying cry for war, ignoring those who dissented. A U.S. naval board of inquiry determined that a Spanish mine had caused the explosion, and on April 25, 1898, the United States declared war on Spain. After a ceasefire in August, the United States began to negotiate the conditions of the peace treaty. A national debate ensued around the country’s proposal to annex Puerto Rico, Guam, and the Philippines, all of which were Spanish colonies. Those who objected to annexation believed that it would turn the republic into an empire. The Anti-Imperialist League emerged as a leading voice of dissent. Some members stood for the rights of people overseas, whereas others feared “racial mixing” would degrade “the Anglo-Saxon race.” These debates extended to the annexation of Hawai’i and the United States’ further military engagement in the Philippines, after it refused to recognize Filipino independence.

Republika o Imperyo?

Noong Pebrero 15, 1898, sumabog at lumubog ang USS *Maine* sa Havana Harbor, na ikinasawi ng mahigit 260 marino. Marami sa mga pahayagan sa Estados Unidos ang nagmadaling isisi ang trahedyang Espanya. Nagtanong ang ulo ng balita ng *World*, “*Pagsabog ng Maine: Dahil sa Bomba o Torpedo?*” habang nagdeklara naman ang *New York Journal*, Gawa ng Kaaway ang Pagkawasaki ng Bapor Pandigmang *Maine*.”

“Huwag limutin ang *Maine!*” ang naging panawagan para sa digmaan, nang walang pagsasaalang-alang sa mga hindi sang-ayon. Tinukoy sa imbestigasyon ng isang lupong pandagat sa Estados Unidos na patibong ng Espanya ang nagdulot ng pagsabog, at noong Abril 25, 1898, nagdeklara ng digmaan ang Estados Unidos sa Espanya. Matapos ang tigil-putukan noong Agosto, nagsimulang makipagnegosasyon ang Estados Unidos sa mga kondisyon ng kasunduang pangkapayapaan. Nagsimula ang isang pambansang debate tungkol sa mungkahing kunin ang Puerto Rico, Guam, at Pilipinas, na mga kolonya ng Espanya. Naniwala ang mga sumalungat sa mungkahing gagawin nitong imperyo ang republika. Umusbong ang Ligang Anti-Imperialista bilang nangungunang tinig ng hindi pagsang-ayon. May mga miyembrong tumindig para sa karapatan ng mga tao sa ibang bansa, habang may iba namang natakot na ang “paghahalo ng lahi” ay makalalason sa “Lahing Anglo-Saxon.” Tumuloy ang mga debateng ito sa usapin ng pagkamkam sa Hawai’i at sa pagpapatuloy ng operasyong militar sa Pilipinas, matapos nitong tanggihan ang pagkilala sa kalayaan ng mga Pilipino.

Hawai‘i

Queen Lili‘uokalani (1838–1917) became Hawai‘i’s first female monarch on January 29, 1891, and was respected by Kānaka Maoli, or Native Hawaiians, and foreign heads-of-state alike. However, she inherited a throne undermined by powerful Anglo-American settlers, whose business interests influenced local Hawaiian affairs. Seeking to reestablish the primacy of the Hawaiian monarchy that had ruled since Kamehameha I had united the archipelago in 1810, the Queen introduced a new Constitution on January 14, 1893. Three days later, her opponents—assisted by the U.S. military—staged a coup, imprisoning the Queen and eventually forcing her to abdicate. The “Republic of Hawaii” was established on July 4, 1894.

On July 7, 1898, Congress approved a joint resolution to annex Hawai‘i, marking the culmination of more than a century of foreign threats to the archipelago, including those by the United States, as well as France, Germany, Great Britain, and Japan. By statute, the “Republic of Hawaii” was renamed the “Territory of Hawaii” on April 30, 1900, and eventually became a state in 1959. To this day, many Kānaka Maoli consider the “joint resolution for annexation” illegal, and they question the legitimacy of Hawaiian statehood, deeming it an occupation.

Hawai‘i

Si Reyna Lili‘uokalani (1838–1917) ang naging kauna-unahang babaeng monarka ng Hawai‘i noong Enero 29, 1891, na kinilala ng Kānaka Maoli, o mga Kautubong Hawaiian, at pati na ng mga pinuno ng ibang bansa. Gayumpaman, nagmana siya ng tronong pinahina ng mga dayong Anglo-Amerikano, na may mga interes pangnegosyo na nakaimpluwensiya sa mga lokal na usapin sa Hawai‘i. Dahil hangad niyang muling maitatag ang pangingibabaw ng monarkiyang Hawaiian na namuno mula pa nang mapagkaisa ni Kamehameha I ang arkipelago noong 1810, nagpakilala ng bagong Konstitusyon ang Reyna noong Enero 14, 1893. Pagkalipas ng tatlong araw, nagsagawa ang kanyang mga katunggali—sa tulong ng militar ng Estados Unidos—ng kudeta, na nauwi sa pagkakulong ng Reyna at kalaunang sapilitang pagsuko niya sa trono. Itinatag ang “Republika ng Hawaii” noong Hulyo 4, 1894.

Noong Hulyo 7, 1898, inaprubahan ng Kongreso ang pinag-isang resolusyon upang ariin ang Hawai‘i, na naging hudyat ng pagtatapos ng mahigit isang siglo ng banyagang banta sa arkipelago, kabilang na ang sa Estados Unidos, pati na ang sa Pransiya, Alemanya, Gran Britanya, at Hapon. Sa pamamagitan ng batas, ginawang “Territoryo ng Hawaii” ang pangalan ng “Republika ng Hawaii” noong Abril 30, 1900, at kalaunan ay naging isang estado ito noong 1959. Hanggang sa kasalukuyan, itinuturing ng maraming Kānaka Maoli na ilegal ang “pinag-isang resolusyon para ariin,” at kinukuwestiyon nila ang pagkalehitimo ng pagiging estado ng Hawaii, na titingnan nila bilang pananakop.

Puerto Rico and

Ricans bet on colonial reform, but the Spanish monarchy undercut their aspirations through strict political rule. In 1868, separatists organized an armed insurrection, *El Grito de Lares* (the Cry of Lares), declaring Puerto Rico independent, but Spanish authorities quelled the revolt. Thereafter, most of Puerto Rico's political class advocated for autonomy. In 1897, their struggle bore fruit when Spain granted the island its *Carta Autonómica* with ample political, administrative, and economic powers. However, on July 25, 1898, the charter was rendered moot when U.S. troops landed in Guánica.

In general, Puerto Ricans welcomed the change of sovereignty from Spain to the United States in 1898. They hoped for more civil liberties, economic prosperity, and modernization. Later, against the

backdrop of the First World War (1914–18), the United States granted citizenship to Puerto Ricans

Puerto Ricans elected their first governor in 1948, and in 1952, a new constitution redefined the island's status as Estado Libre Asociado, or Commonwealth. The constitution was hailed as a bilateral agreement between Puerto Rico and the United States, but Congress retained full legislative

authority over the island—and still does to this day.

Año Puerto Rico

Reichya ng Espanya sa Mga Amerika Matapos ang 1826. Nagtaya ang mga Puerto Rican sa repermang pangkolonya, pero ginipit ng monarkiyang Espanya ang kanilang mga hangarin gamit ang mahigpit na pamamahalang politikal. Noong 1868, nagsagawa ng armadong insureksyon ang mga separatista, ang El Grito de Lares (Sigaw ng Lares). Idineklara nilang malaya ang Puerto Rico, pero nasugpo ng mga awtoridad na Espanyol ang rebolusyon. Pagkatapos, nagsulong na ng awtonomiya ang karamihan sa kabilang ng politikal na uri ng Puerto Rico. Noong 1897, nagbunga ang kanilang pagpupunyagi nang ipagkaloob ng Espanya sa isla ang *Carta Autonómica* nito, nang may hustong politikal, administratibo, at ekonomikong kapangyarihan. Gayumpaman, noong Hulyo 25, 1898, napawalang-bisa ang mga pribilehiyong ito nang lumapag ang hukbo ng Estados Unidos sa Guánica.

Sa pangkalahatan, niyakap ng mga Puerto Rican ang pagbabago ng soberanya mula Espanya patungong Estados Unidos noong 1898. Umasa sila sa mas maraming kalayaang sibil, ekonomikong pag-unlad at modernisasyon. Kalaunan, katapat

ng nagaganap na Unang Digmaang Pandaigdig (1914–18), ipinagkaloob ng Estados Unidos ang pagkamamayan sa mga Puerto Rican at naitatag ang senadong malawak ang natanggap na suporta sa eleksiyon.

Naghala ang mga Puerto Rican ng kanilang unang gobernador noong 1948, at noong 1952, itinakda ng bagong konstitusyon ang isla bilang Estado Libre Asociado, o Komonwelt. Ipinagdiwang ang konstitusyon bilang bilateral na

Unidos, pero nanatili sa Kongreso ang buong lehislatibong awtoridad sa isla—at nagpapatuloy ang ganoon sa kasalukuyan.

The Philippines

Filipinos had been rebelling against Spanish rule for two years when the United States defeated the Spanish flotilla in Manila Bay on May 1, 1898. Many Filipinos, particularly residents of the island of Luzon, officially declared their independence from Spain on June 12, 1898, and continued their uprising against the Spanish with great success.

When the U.S. Army launched a campaign in the Philippines in July, Filipinos believed that the United States would assist them in their war of independence. The Spanish, who had been reluctant to surrender to their “colonial” subjects, surrendered to the United States in a “mock” battle on August 13, 1898.

In the peace treaty after the War of 1898, Spain sold the Philippines to the United States for \$20 million. As in the case of Puerto Ricans, Cubans, and CHamoru (the Indigenous people of the Mariana Islands, including Guam), Filipinos were not represented in the peace negotiations. Consequently, beginning in 1899, Filipinos waged a war of resistance against the United States, known as the Philippine-American War. Although the United States claimed victory in 1902, fighting persisted through the 1913 Battle of Bud Bagsak, with hostile engagements continuing even after that date. The Philippines did not attain independence until July 4, 1946.

Pilipinas

Dalawang taon nang naghihimagsik sa pananakop ng Espanya ang mga Pilipino noong talunin ng Estados Unidos ang plotilya ng Espanya sa Look ng Maynila noong Mayo 1, 1898. Maraming Pilipino, partikular na ang mga nakatira sa isla ng Luzon, ang opisyal na nagdeklara ng kalayaan sa Espanya noong Hunyo 12, 1898, at nagpatuloy ang kanilang paghihimagsik sa Espanya nang may hindi matatawarang tagumpay. Nang maglunsad ng kampanya sa Pilipinas ang Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos noong Hulyo, naniwala ang mga Pilipino na tutulungan sila ng Estados Unidos sa kanilang himagsikan para sa kalayaan. Ang mga Espanyol, na alangan sa pagbitaw sa kanilang mga “kolonyal” na nasasakupan, ay sumuko sa Estados Unidos sa isang “kunwaring” labanan noong Agosto 13, 1898.

Sa isang kasunduang pangkapayapaan matapos ang Digmaan ng 1898, ibinenta ng Espanya ang Pilipinas sa Estados Unidos sa halagang \$20 milyon. Kagaya ng nangyari sa mga Puerto Rican, Kubano, at CHamoru (Katutubong mamamayan ng Mariana Islands, kasama na ang Guam), walang representasyon ang mga Pilipino sa mga negosasyong pangkapayapaan. Kalaunan, simula 1899, naghimagsik ang mga Pilipino laban sa Estados Unidos, sa hidwaang tinawag na Digmaang Pilipino-Amerikano. Kahit na nagpahayag ng tagumpay ang Estados Unidos noong 1902, nagpatuloy ang hidwaan sa Laban ng Bud Bagsak noong 1913, na nasundan pa ng ibang labanan matapos ang petsang iyon. Hindi natamo ng Pilipinas ang kalayaan hanggang Hulyo 4, 1946.

Consumer Culture

In the United States, the War of 1898 inspired a vibrant market for maps, whimsical trinkets, and board games that were sold for entertainment and distributed to boost national pride. People played games in which territories and coaling stations could be conquered. While reading daily news reports, they tracked military campaigns using interactive maps. Trading cards and other novelties used portraiture to heroicize the U.S. military leaders of the war.

The War of 1898 was over in a matter of months, but the production of consumer objects continued into the first decades of the twentieth century, mainly in the form of books on the “new possessions.” As time marched on, publications and other products confirmed the War of 1898 as a triumphant event in U.S. history, one reflecting U.S. military might, territorial expansion, and political power.

Kultura ng Pagkonsumo

Sa Estados Unidos, pinukaw ng Digmaan ng 1898 ang isang masiglang merkado ng mga mapa, kakatwang abubot, at board game na ibinenta para kaaliwan at ipinalaganap para palakasin ang pambansang dangal. Nagkatuwaan ang mga tao sa mga larong naglalabanan ang mga kalahok para sakupin ang mga teritoryo at estasyon ng uling. Habang nagbabasa ng mga arawang balita, sinubaybayan nila ang mga kampanyang militar gamit ang mga interaktibong mapa. Ang mga nakokolektang baraha at iba pang pauso ay gumamit ng larawan para palabasing bayani ang mga heneral na pinuno ng digma ng Estados Unidos.

Natapos ang Digmaan ng 1898 matapos ang ilang buwan, pero nagpatuloy ang produksyon ng mga bagay pangkonsumer sa mga unang dekada ng ikadalawampung siglo, pangunahin sa anyo ng mga aklat tungkol sa mga “bagong pag-aari.”

Sa paglipas ng panahon, ang mga publikasyon at iba pang produkto ang nagkumpirma na matagumpay na pangyayari sa kasaysayan ng Estados Unidos ang Digmaan ng 1898, na sumasalamin sa lakas-militar ng Estados Unidos, sa pagpapalawak ng territoryo, at sa lakas pampolitika.

Guam

In 1898, after three hundred years of colonization by the Spanish, the island of Guam became a U.S. territory and has remained one ever since. Part of the Mariana Islands archipelago in Micronesia, Guam is located on the seven-thousand-mile ocean route between San Francisco, California, and Manila, in the Philippines. Guam's natural harbor made it a critical coaling station for steam-powered vessels in 1898. The first of thirty-eight U.S.-appointed naval governors of Guam, Richard P. Leary, began his rule on August 7, 1898.

In 1901, thirty-two island leaders petitioned the United States for civil governance and U.S. citizenship, objecting to naval rule. More than seven other petitions were organized over the years. In 1950, President Harry S. Truman signed the Organic Act of Guam, and Guam's naval government transitioned to a civilian one, with a governor appointed by the president of the United States until 1970, when residents of Guam began electing their governor. However, given its status as an unincorporated territory of the United States, the island remains subject to the full and complete legislative authority of the U.S. Congress.

Today, the United States maintains military installations in Guam, making approximately one-third of the island inaccessible to its CHamoru (the Indigenous people of the Mariana Islands) and Guamanian populations.

Guam

Noong 1898, matapos ang tatlong daang taon ng pananakop ng mga Espanyol, naging territoryo ng Estados Unidos ang isla ng Guam. Nananatiling ganoon hanggang sa kasalukuyan. Bahagi ng arkipelago ng Mariana Islands sa Micronesia, ang Guam ay matatagpuan sa pitong libong milyang ruta sa karagatan sa pagitan ng San Francisco, California at Maynila, sa Pilipinas. Naging kritikal na estasyon ng uling para sa mga sasakyang pinaaandar ng singaw ang natural na daungan ng Guam noong 1898. Nagsimulang mamuno noong Agosto 7, 1898 si Richard P. Leary, ang una sa tatlumpu't walong gobernador pandagat ng Guam na itinalaga ng Estados Unidos.

Noong 1901, tatlumpu't dalawang pinuno ng isla ang nagpetisyon sa Estados Unidos para sa sibil na pamumuno at pagkamamayan, na siyang kumokontra sa pamumunong pandagat. Mahigit pitong iba pang petisyon ang inorganisa sa paglipas ng mga taon. Noong 1950, pinirmahan ni Pangulong Harry S. Truman ang Batas Organiko ng Guam. Nagtransisyon patungong pamamahalang sibil ang pamamahalang pandagat sa Guam, nang may gobernador na itinalaga ng pangulo ng Estados Unidos hanggang 1970, kung kailan nagsimula ang paghalal ng mamamayan ng Guam ng kanilang gobernador. Gayumpaman, dahil sa estado nito bilang hindi inkorporadong territoryo ng Estados Unidos, nanatili ang isla na nakapailalim sa buo at kumpletong lehislatibong awtoridad ng Kongreso ng Estados Unidos.

Sa kasalukuyan, nagpapanatili ng mga instalasyong militar ang Estados Unidos sa Guam, kaya tinatayang isang katlo ng isla ay hindi nagagamit ng CHamoru (mga Katutubong mamamayan ng Mariana Islands) at iba pang populasyon nito.

Codifying Empire

The War of 1898 ended when the Treaty of Paris was signed by Spain and the United States on December 10, 1898. The United States gained sovereignty over Puerto Rico, the Philippines, and Guam, and promised Cuba the right to independence after a period of military occupation.

As the United States assumed control of these islands and annexed Hawai'i, the issue of empire continued to be contested, especially in the 1900 presidential election. Theodore Roosevelt defended the U.S. occupation of the Philippines, writing in 1901 that "if white people were morally bound to abandon the Philippines, we were also morally bound to abandon Arizona to the Apaches." His opponents argued that colonialism ran against the founding principles of the United States. Both groups, however, debated the consequences of incorporating peoples of various races, languages, religions, and cultures into the U.S. political and social systems.

The 1901 Supreme Court's decisions in the *Insular Cases* justified the power of Congress over the "new possessions" and the selective application of U.S. constitutional protections in lands now defined as "unincorporated territories." The constitutionality of the *Insular Cases* and the colonial framework they established are still debated today.

Kodipikasyon ng Imperyo

Natapos ang Digmaan ng 1898 nang pirmahan ng Espanya at Estados Unidos ang Kasunduan sa Paris noong Disyembre 10, 1898. Natamo ng Estados Unidos ang soberanya ng Puerto Rico, Pilipinas, at Guam, at nangako ito sa Cuba ng karapatan sa kalayaan matapos ang panahon ng militar na okupasyon.

Sa pagkuha ng Estados Unidos ng kontrol sa mga islang ito at sa pag-angkin nito sa Hawai'i, patuloy na pinagtalunan ang usapin ng pagiging imperyo, lalo na noong halalan sa pagkapangulo noong 1900. Ipinagtanggol ni Theodore Roosevelt ang okupasyon ng Estados Unidos sa Pilipinas. Isinulat niya noong 1901 na "kung moral na obligasyon ng mga puti na abandonahan ang Pilipinas, moral na obligasyon din nating abandonahan ang Arizona sa mga Apache." Iginiit ng kanyang mga katunggali na salungat sa mga batayang prinsipyong Estados Unidos ang kolonyalismo. Gayumpaman, dinebate ng magkabilang panig ang mga posibleng ibunga ng inkorporasyon ng iba't ibang lahi, wika, relihiyon, at kultura sa sistemang politikal at sosyal ng Estados Unidos.

Ang mga desisyon ng Korte Suprema noong 1901 sa *Mga Kasong Insular* ang nagbigay-katwiran sa kapangyarihan ng Kongreso sa mga "bagong pag-aari" at sa selektibong aplikasyon ng mga proteksiyong konstitusiyonal ng Estados Unidos sa mga lupaing tinukoy bilang "mga hindi inkorporadong territoryo." Hanggang sa kasalukuyan, pinagdedebatihan pa rin ang konstitusiyonalidad ng mga *Mga Kasong Insular* at ng balangkas ng pananakop na kanilang itinatag.



OC 31




OC 30



OC 28



OC 26




OC 29



OC 22



OC 23



OC 25



OC 24